
（TAGALOG/タガログ版）　Ｎｏ．73

KIAN
KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KAMUSTA KAWASAKI
Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

217

# Ang mga kinatawan ng mga dayuhang naninirahan sa Siyudad ng Kawasaki



**Pangangailangan ng miyembro para sa kinatawan ng mga dayuhang naninirahan sa Siyudad ng Kawasaki (川崎市外国人代表者会議代表者募集)**

Ang Kawasaki City Representative Assembly para sa mga dayuhang naninirahan ay kasalukuyang naghahanap ng magiging miyembro ng kinatawan sa loob ng 2 taon mula April, 2006. Itinatag ang pagtitipong ito sa layong makatulong sa pag-promote ng pakikilahok ng bawat dayuhan sa pamamahala ng Siyudad, makatulong sa pagkakaunawaan tungo sa matatag na komyunidad dito sa Kawasaki. Maaaring maki-lahok ang mga rehistradong mamamayan mula ika-1 ng Abril 2005 sa edad na labingwalo (18) at nakakaintindi ng wikang hapon. Ang mga naging kinatawan na ng may 2 beses na magkasunod na nanilbihan bilang kinatawan o naninilbihan sa may kinalaman nito ay hindi na maaaring makilahok. Dalawampu't-anim (26) na miyembro ang kakailanganin. Ang pagpili ay isinasagawa sa pamamagitan ng pag-iksamen sa isinumiteng aplikasyon at interbyu.

Ang katungkulan ng Kawasaki City Representative Assembly ay upang makamit at masuri ang mga patakaran ng Siyudad base mula sa mga opinyon ng mga dayuhan, magbigay ng panukala at bumuo ng opinyon pagkatapos ay isumite ang mga ito sa Meyor. Ang mga pagtitipon ay walong (8)beses sa isang taon araw ng Linggo ng hapon. May pagkakataong magkaroon ng aktibidad sa labas o field work. Ang pagdalo sa araw ng pagtitipon ay makakatangggap ng suweldo bilang part timer.

May pagpapaliwanag tungkol sa pangangailangang ito ay sa ika-27 ng Nobyembre Linggo, mula 1:10 ng hapon hanggang 1:40 sa Kawasaki International Center. Malaya ang pagdalo at maging bahagi nito.

Ang mga porma ng aplikasyon ay matatagpuan sa mga munisipyo at sangay nito, pirmahan at ipadala hanggang 13 ng Enero 2006 sa Gender ang Equality Section ng Kawasaki Citizens Bureau for Citizens Rights. Para sa iba pang detalye kontakin ang 044-200-2359.

# Ang Eksibisyon ng makabagong Eskultura 2005

218

（川崎現代彫刻展２００５）

Ang Kawasaki Modern Sculpture Exhibition ay eksibit na bukas para sa lahat. Idinaraos ito sa bagong lugar ng Industriyang nakapaligid sa karagatan ng Kawasaki. Ang eksibisyon ay hanggang ika-16 ng Disyembre(Biyernes). Maaaring makadalo at makapanood ng iba't-ibang eskultura sa Hardin ng "Tecno-Hub innovation Kawasaki" na matatagpuan sa Minami-Watarida ng Kawasaki Ward.  Ang "Tecno-Hub Innovation Kawasaki" ay tinuringan puso ng "Asia Innovator Town Framework" isa sa mga proyektong itinataguyod ng Siyudad ng Kawasaki.Ang mga likhang naka-display ay gawa ni Ginoong Atsuo Ishii, isang propesor ng Tama Art University at iba pang 8 eskultura, 6 na eskultura ang manggagaling sa grupong RA at ang mga miyembro ng Departamento ng Sining ng Kawasaki City Rinko Junior High School. Magsasagawa ng pagpapaliwanag sa kani-kanilang likha ang bawat eskultor tuwing Sabado ng araw ng eksibisyon. Ang pagpapaliwanag na ito maging ang iba pang ibento ay gaganapin sa [Auman House] na parte rin ng "Tecno-Hub Innovation Kawasaki" ugat ng Kawasaki's Asian Intrepreneur's Valley Project. Ang Auman House ay tinaguriang isa sa mga Modern Heritages ng Kawasaki Industry Museum. Nang bukas pa ang NKK, ang gusaling ito ay tirahan ng mga tagapamahala ng German factory sa lugar na ito. Muling binuhay ito bilang imbakan ng dokumento o museo ng nakaraan. Tuklasin ang mga nakatagong kayamanan ng Kawasaki, ang mga pagbabago ng industriya, bakit pinili ng mga eskultor ang lugar na ito at kung dapat nga bang ituring itong kayamanan o basura. Ang kawasaki Modern Sculpture Exhibition 2005 ay bukas sa publiko sa oras ng alas 10:00 hanggang alas 5:00 ng hapon. Upang makarating doon, sumakay sa 40 numero ng Shiei bus o

20 numero ng Rinko bus mula sa kanluran ng Istasyon ng Kawasaki at bumaba sa "JEF mae" mga may (15 minuto) ang biyahe. Sa iba pang detalye, tumawag sa Planning and Publicity Section ng Kawasaki Chamber of Commerce sa telepono bilang 044-211-4112.

# Yumemigasaki Zoo



**219 夢見ヶ崎騒動記　Paglimbag ng bagong aklat "The Yumemigasaki Zoo Soudou-ki"**

Ang **Yumemigasaki Zoo Soudou-ki** ay aklat na naglalaman ng kwento tungkol sa mga pakikibaka at karanasan ng mga hayop at tagapangalaga sa Yumemigasaki Animal Park. Ang paglikha at paglimbag ng aklat na ito ay isinagawa ni Ginoong Ikuhisa Detake ng Kitakase Saiwai Ward. Ang dahilan at inspirasyon sa paggawa ng aklat na ito ay tungkol sa pangyayaring insidente ng penguin sa Zoo. Ang insidente ay tungkol sa napabalitang pagkabali ng tuka ng penguin na inayos ng isang dalubhasang dentista at nagtagumpay ito.

Bagamat ito ay isang maliit na Animal Zoo, may iba't ibang pangyayari at kwento ang bawat hayop dito kaya't sinikap makabuo ng aklat na ito sa loob ng 2 taon.

Ginawang basehan ang mga interbyu sa pagbuo ng aklat ang tungkol sa buhay ng mga hayop at mga na-engkwentrong karanasan at paghihirap ng direktor ng zoo, beterinaryo at tagapangalaga ng hayop.

Naglalaman ito ng mga kwento tungkol sa mga pakikibaka ng direktor sa pagprotekta ng mga maliliit na uso at mga anak ng goose laban sa uwak, istorya ng pagkahawa ng tagapangalaga ng elk (parrot fever), nang ito ay nagbantay sa panganganak, panloloob at pagkawala ng mga hayop, ang kwento kung papaano iniligtas ng capuchin na unggoy ang isang tagapangalaga ng hayop nang balaan nitong may ahas malapit sa kanya at iba pang makabagbag damdaming kwento.

May 15 chapter (bahagi) ang aklat na ito ang pang-9 na bahagi ay naglalaman ng mga kasagutan sa mga tanong kagaya ng mga pagkain ng hayop, kung ang mga ito ay takot sa apoy at ibpa. Sa likod nito ay nagpapaliwanag kung paano ang ginagawang pangangalaga sa mga hayop. Ang bahaging ito ay mapapakinabangan sa oras na mamasyal sa Animal Zoo.

Ang "Yumemigasaki Soudou-ki" ay mabibili sa lahat ng bookstore sa buong bansa at sa mismong zoo sa halagang 1,575 yen.



# Mochitsuki



Halina't sumali sa ibentong gaganapin sa Kawasaki International Association sa Enero 14, 2006 (Sabado) 10:00 ～1:00ng hapon. Ang <u>mochitsuki</u> ay kaugalian ng mga hapon na magbayo ng malagkit upang gawing kakanin tuwing bagong taon. May iba't-ibang palabas at mga larong hapon. Magpareserba hanggang Enero 10 (Martes) sa **Kawasaki International Association 044-435-7000**. Bayad= 300 yen.

**★Silid－Sanggunihan para sa mga Dayuhan**

**Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.**

■ **Konsultasyon sa iba't-ibang Wika:**

**Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado**
**Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes**
**Wikang Koryano : Martes at Huwebes**
**Wikang Kastila: Martes at Huwebes**
**Wikang Portugis: Martes at Biyernes**
**Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles**

■ **Oras ng Konsultasyon:**

**10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon**

**Salin-wika: Ogura Noemi**

Inilathala ng The Kawasaki International Association
2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033　Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/